

## Ang Sistema ng Hustisyang Pangkrimen ay Tutulong sa Inyo

Ang mga biktima ng krimen ay may mahahalagang karapatan, kabilang ang karapatang:

- Ipagawa sa hukuman ang mga utos na nagpoprotekta sa inyo.
- Humingi ng pera (pagbabayad-pinsala) upang mabayaran ang mga nawala sa iyo.
- Kumuha ng mga serbisyo upang matulungan kang makabangon.
- Sabihin sa hukuman ang tungkol sa epekto ng krimen sa iyong buhay, kabilang ang bago ang pagsentensiya at parol.
- Kumuha ng mga makatwirang kaluwagan upang makapunta ka sa mga pagdinig ng hukuman. Para sa tulong dito, kontakin ang Opisina ng ADA sa Kagawaran ng Hustisiya:

Tumawag sa: **1-800-514-0301**

TTY: **1-800-514-0383**

Upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa iyong mga karapatan at programang makakasupporta sa inyo, basahin ang aming brochure: *Isang Patnubay sa mga Serbisyo para sa mga Biktima ng Krimen sa California (A Guide to Services for Crime Victims in California)*, o kontakin kami:

Tumawag sa: **1-800-VICTIMS (842-8467)**

TTY: **1-916-739-7083**

Bisitahin ang: [www.1800VICTIMS.org](http://www.1800VICTIMS.org)

Email: [1800VICTIMS@pacific.edu](mailto:1800VICTIMS@pacific.edu)

**Kung kayo o ang ibang tao ay nasa panganib ngayon...**

- Tumawag sa **911**, o
- Kontakin ang inyong lokal na opisina ng **APS**.

## Tungkol sa Amin

Ang Sentro ng Tagatulong sa mga Biktima ng Krimen ay matatagpuan sa kampus ng Paaralan ng Batas ng Pacific McGeorge sa Sacramento, California. Ang aming mga serbisyo ay **libre**. Alam ng aming mga ekspertong tauhan ang pinakabagong impormasyon sa larangan. Tinuturuan namin ang mga biktima at ang kanilang mga pamilya, mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima, at ibang mga tagapagtaguyod ng biktima tungkol sa:

- Mga legal na karapatan ng mga biktima,
- Kabayaran sa mga biktima,
- Pagbabayad-pinsala,
- Mga hablang sibil, at
- Mga karagdagang karapatan ng lahat ng mga biktima ng krimen (kabilang ang matatanda, mga bata, at mga taong may kapansanan).

Kami ay nag-aalay rin ng:

- Teknikal na tulong at pananaliksik na pambatas sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima.
- Mga libreng presentasyon ng “Alamin ang Inyong mga Karapatan” sa mga grupong pangkomunidad.

Kami ay nagpapatakbo ng **1-800-VICTIMS** – ang pambuong-estadong walang-bayad na nakahandang linya na nagbibigay ng kompidensiyal na impormasyon at mga pagrekomenda sa mga biktima, sa kanilang mga pamilya, mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima, at mga tagapagtaguyod ng biktima. Ang nakahandang linya ay binubuo ng mga estudyante ng batas sa McGeorge at pinangangasiwaan ng mga abugado.



1-800-VICTIMS (842-8467)

TTY: 1-916-739-7083

[www.1800VICTIMS.org](http://www.1800VICTIMS.org)

Email: [1800VICTIMS@pacific.edu](mailto:1800VICTIMS@pacific.edu)

Ang pagpondo ay ginawang posible sa pamamagitan ng Kagawaran ng Hustisiya ng Estados Unidos (United States Department of Justice), Batas sa mga Biktima ng Krimen, 2015-VA-GX-0058. Ang mga opinyon, napag-alaman, konklusyon, at rekomendasyon na ipinahayag sa publikasyong ito ay mula sa (mga) awtor at hindi nangangahulugang mula sa Cal OES o Kagawaran ng Hustisiya ng U.S.

Tagalog

7/2018

## Suporta para sa mga Biktima ng Krimen na May Kapansanan



Mga Biktimang May Kapansanan

**Victims of Crime Resource Center**  
(Sentro ng Tagatulong sa mga Biktima ng Krimen)

**1-800-VICTIMS (1-800-842-8467)**

**TTY: 916-739-7083**

[www.1800VICTIMS.org](http://www.1800VICTIMS.org)

[1800VICTIMS@pacific.edu](mailto:1800VICTIMS@pacific.edu)

## Mga Biktima ng Krimen na May Kapansanan

**Sinuman** ay maaaring maging biktima ng krimen, pero ang mga taong may kapansanan ay partikular na mahina ang panlaban sa mga krimen ng pang-aabuso. Maaaring mas mahirap para sa mga taong may kapansanan na ipabatid at layuan ang panganib. Maaaring umaasa sila sa mga tagabigay ng pag-aalaga, na ang mga trabaho ay maaaring nagbibigay sa kanila ng daan sa kanilang bahay at katawan. O maaaring natatakot silang hindi paniwalaan o mawalan ng mga serbisyong kailangan nila upang mabuhay kung mag-ulat sila ng pang-aabuso.

Ang pang-aabuso sa matanda ay maaaring:

- **Pisikal:** Pananakit o pagbabantang saktan ang isang tao.
- **Sekswal:** Hindi angkop na paghipo habang ginagawa ang pangkaraniwang pag-aalaga o sekswal na pag-atake.
- **Pinansiyal:** Pagnanakaw, pagkakait, o maling paggamit ng pera ng ibang tao.
- **Kapabayaan:** Hindi pagkaloob ng mga pangunahing pangangailangan, tulad ng wastong pagkain, gamot, o isang ligtas at malinis na lugar para manirahan.

## Gumawa ng mga Hakbang Upang Protektahan ang Inyong Sarili

Ang pang-aabuso ay nangyayari nang mas madalas sa mga taong may kapansanan sa isipan at katawan. Pero may mga bagay na magagawa kayo upang tumulong na pigilan ang pang-aabuso at protektahan ang inyong sarili.

Kung kayo o ang isang taong kakilala ninyo ay may kapansanan, basahin ang brochure na ito upang malaman ang tungkol sa:

- Pagpigil
- Patuloy na kaligtasan
- Edukasyon
- Pag-uulat ng pang-aabuso
- Suporta para sa mga biktima ng krimen sa California

## Pagpigil

- **Gumawa ng planong pangkaligtasan.** Isipin ang tungkol sa magagawa ninyo sa isang mapanganib na kalagayan. Gumawa ng pagsasanay ng inyong planong pangkaligtasan. Ito ay makakatulong sa inyo na makalabas sa isang masamang kalagayan kung kailangan ninyo.
- **Siyasatin ang inyong mga tagapagkaloob ng serbisyo.** Laging gumawa ng pagsisiyasat ng pinagdaanan *bago* kayo magtrabahong kasama ng isang tagapagkaloob o tagapangalaga. Makipag-usap din sa iba't ibang personal at propesyonal na reperensiya tungkol sa kanilang etika sa gawain at pagganap ng trabaho.
- **Magbigay ng babala sa inyong mga tagapagkaloob at tagapangalaga** na iuulat ninyo ang *anumang* pang-aabuso sa mga awtoridad, kabilang ang pang-aabuso sa katawan, damdamin, at pananalapi.

## Patuloy na Kaligtasan

- **Manatiling nakakonekta.** Hilingin sa mga taong pinagkakatiwalaan ninyo na bisitahin o kontakin kayo sa mga hindi nakatakdang panahon. Imbitahan sila na dumaan, tumawag, makipagkuwentuhan sa video, o makipag-ugnayan sa inyo sa ibang mga paraan. Maaari kayong humiling sa inyong pamilya, kaibigan, simbahan, kapitbahay at ibang mga kontak.
- **Magtakda ng mga pagtinging pangkaligtasan.** Hilingin sa isang taong pinagkakatiwalaan ninyo na palagiang tingnan kayo upang matiyak na kayo ay ligtas. Maaari kayong humiling sa isang kamag-anak, manggagawang panlipunan mula sa Mga Serbisyong Proteksiyon ng Nasa Hustong Gulang, manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan, tagapagtaguyod, o isang tao mula sa inyong lugar ng pagsamba.
- **Panatilihing laging nakahanda ang inyong mga kasangkapan sa komunikasyon** (mga telephono, computer, mga pantulong sa pandinig, atbp.)

## Edukasyon

Alamin ang tungkol sa mga sekswal na karahasan, mga personal na hangganan, personal na kaligtasan, at mga tagatulong sa komunidad. Makakakuha kayo ng impormasyon mula sa inyong lokal na sentro ng komunidad, mga organisasyong naglilingkod sa mga taong may kapansanan, o sa aming opisina.

Alamin kung paano protektahan ang inyong pera at ibang mga yaman:

- Kausapin ang isang abugado tungkol sa mga paraan upang protektahan ang inyong mga yaman.
- Pumunta sa isang klase o libreng klinika na nagpapakita sa inyo kung paano protektahan ang inyong mga yaman.
- Huwag hayaang isang tao lamang ang may daan sa inyong mga yaman. Ang pagkakaroon ng 2 o higit na tao, tulad ng isang tagapagkaloob ng serbisyo *at* isang kaibigan o kamag-anak, ay nangangahulugang malalaman ng bawat isa ang ginagawa ng iba.

## Iulat ang Pang-aabuso

Upang pigilan ang pang-aabuso, ito ay dapat iulat. Kapag ang pang-aabuso ay iniuulat, nagagawa ng mga awtoridad na dalhin sa hustisya ang mga nagkasala, at ang mga biktima ay nakakakuha ng mga serbisyo at programang kailangan nila. Kapag ang pang-aabuso ay *hindi* iniuulat, ang pang-aabuso ay nagpapatuloy.

## Mga Palatandaan ng Pang-aabuso

Kung minsan hindi madaling makita ang pang-aabuso. Pero ang isang biktima ay maaaring:

- Anyong nalulumbay, nalilito, o nagagalit.
- Anyo o kumikilos nang naiiba.
- May mga sugat o pantal.
- Anyong inalisan ng kontak sa ibang mga tao at sa mga aktibidad na panlipunan.

Sa mga taong mas malamang na makakita ng pang-aabuso ay kabilang ang: mga tagabigay ng pag-aalaga, propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, kapitbahay, at kaibigan.

## Paano Dapat Mag-ulat

Kung ang biktima ay naninirahan sa komunidad (isang bahay, programang pag-araw, o paaralan), kontakin ang Mga Serbisyong Proteksiyon ng Nasa Hustong Gulang (APS) sa inyong county.

Kung ang biktima ay nasa isang bahay ng pag-aalaga o pangangalaga sa tahanan, tawagan ang Ombudsman ng Pangmatagalang Pangangalaga ng inyong county.

O tawagan kami ay maipapaliwanag namin kung paano dapat mag-ulat ng krimen:

**1-800-VICTIMS (842-8467).**